



Australian Government

Department of Home Affairs

Ang impormasyon sa pahinang ito ay para lamang sa mga mag-aaral na kasali sa isang aprubadong Plano para sa Pagdating ng mga Internasyonal na Mag-aaral (International Student Arrival Plan). Hindi nito pinapalitan ang magagamit na impormasyon sa [Mga Visa ng mag-aaral](#), [mga hakbang sa COVID-19 para sa mga mag-aaral](#) o karaniwang [mga pahintulot at paghihigpit sa pagbibiyaha](#).

Maaari ka lang makabalik sa Australia kung inirekomenda ka ng iyong institusyon ng edukasyon sa ilalim ng naaprubahang Plano para sa Pagdating ng Internasyonal na Mag-aaral.

Pagrerekomenda ng mga mag-aaral

Pagpapasyahan ng mga pamahalaan ng estado at teritoryo kung aling mga institusyon ng edukasyon at kung sinong mga mag-aaral ang puwedeng makilahok sa Plano para sa Pagdating ng Internasyonal na Mag-aaral. Kabilang din dito ang mga pag-aayos ng pagbibiyaha at pag-quarantine para sa mga babalik na mag-aaral.

Tutukuyin ng mga institusyon ng edukasyon ang mga internasyonal na mag-aaral na puwedeng maging karapat-dapat na bumalik sa Australia sa ilalim ng naaprubahang plano. Dapat kang makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng edukasyon para malaman ang karagdagang impormasyon at talakayin kung puwede kang mapabilang sa Plano para sa Pagdating ng Internasyonal na Mag-aaral. Makapagbibigay ng mas maraming payo ang iyong provider ng edukasyon.

Kakailanganin pa rin ng mga kalahok na mag-aaral ang pahintulot sa pagbibiyaha upang makapagbiyahe papunta sa Australia. Mag-a-apply ang nauugnay na pamahalaan ng estado o teritoryo para sa pahintulot na ito sa ngalan mo. Papayuhan ka ng iyong institusyon tungkol sa mga kaayusan ng pagbibiyaha sa sandaling naaprubahan ang iyong pahintulot sa pagbibiyaha. Hindi ka dapat mag-apply para sa indibiduwal na pahintulot sa pagbibiyaha at gumawa ng mga kaayusan upang makapagbiyahe papunta sa Australia upang lumahok sa plano ng Pagdating ng mga Internasyonal na Mag-aaral maliban kung pinayuhan ka ng iyong institusyon ng edukasyon.

Mga Visa

Kailangang mayroon kang may-bisang [Student \(subclass 500\) visa](#) para makilahok sa Plano ng Pagdating ng Internasyonal na Mag-aaral. Hindi mapapangasiwaan ng Departamento ang pagbibigay ng priyoridad sa pagpoproseso ng mga student visa bilang bahagi ng prosesong ito. Tingnan ang aming website para sa [kasalukuyang mga panahon ng pagpoproseso](#).

Bagaman walang minimum na bisa ng visa na kailangan para makapasok sa Australia, dapat kang maglaan ng sapat na panahon sa iyong visa kung may mga pagkaantala sa iyong pagbibiyaha papuntang Australia. Hindi ka puwedeng sumakay sa iyong nakaiskedyul na flight nang walang visa.

Para makita ang mga detalye ng iyong visa, tingnan ang [Visa Entitlement Verification Online \(VEVO\)](#).

Kung nagbiyahe ka papuntang Australia sa iyong kasalukuyang student visa, at nagsumite ka ng bagong aplikasyon ng visa habang nasa ibang bansa na mayroon pa ring nakabinbing desisyon, puwede kang mag-apply ng Bridging visa A. Puwede kang mag-apply ng bridging visa sa pamamagitan ng [ImmiAccount](#).

Kung gusto mong magsumite ng aplikasyon para sa karagdagang student visa sa Australia, kailangan mong matugunan ang mga pamantayang [kinakailangan para maging karapat-dapat](#). Puwede kang magsumite ng bagong aplikasyon ng student visa sa pamamagitan ng [ImmiAccount](#).

Mga pahintulot sa pagbibiyaha

Kasali sa sinasaklaw ng mga kasalukuyang paghihigpit sa pagbibiyaha sa Australia ang mga internasyonal na mag-aaral na inirekomendang bumalik sa Australia sa ilalim ng naaprubahang Plano para sa Pagdating ng Internasyonal na Mag-aaral.

Kakailanganin mo ng pahintulot sa pagbibiyaha para payagan kang magbiyahe papuntang Australia. Mag-a-apply ang kaugnay na pamahalaan ng estado o teritoryo ng mga pahintulot sa pagbibiyaha para sa iyo kung inirekomenda ka sa ilalim ng kanilang naaprubahang plano.

Magiging available kung kinakailangan ang mga karagdagang detalye sa proseso para sa mga pahintulot sa pagbibiyaha na kaugnay ng Mga Plano para sa Pagdating ng Internasyonal na Mag-aaral. Huwag mag-apply ng papasok na pahintulot sa pagbibiyaha maliban kung pinayuhan kang gawin ito.

Deklarasyon ng Pagbibiyaha sa Australia

Kakailanganin mong kumpletuhin ang online na [Deklarasyon ng Pagbibiyaha sa Australia](#) nang hindi bababa sa 72 oras bago ang iyong pag-alis papuntang Australia.

Kinokolekta ng Deklarasyon ng Pagbibiyaha sa Australia ang iyong mga detalye sa pakikipag-ugnayan sa Australia, mga detalye ng flight, mga kinakailangan sa pag-quarantine at ang lagay ng iyong kalusugan.

Kapag nakumpleto mo na ang Deklarasyon ng Pagbibiyaha sa Australia, makakatanggap ka ng email na naglalaman ng mga detalye na puwede mong ipakita (nang elektronikong o naka-print) bago ka sumakay sa iyong flight at sa iyong pagdating sa Australia.

Mga kondisyon ng visa

Kailangang may sapat kang pondo para suportahan ang iyong sarili sa buong panahon ng iyong pag-aaral. Hindi ka magiging karapat-dapat sa pinansiyal na suporta ng Pamahalaan ng Australia.

Puwede ka ring mahirapang makakuha ng part-time na trabaho sa Australia dahil sa mga kasalukuyang kondisyon ng ekonomiya. Mahalagang nauunawaan mo ang [mga kondisyon sa trabaho na kaugnay ng iyong visa](#).

Kailangang mayroon ka at ang kasama mong kapamilya ng [sapat na insurance sa kalusugan](#) at napapanatili ito sa loob ng panahon ng iyong pananatili sa Australia. Kailangan saklaw ng [Overseas Student Health Cover \(OSHC\)](#) ang mga mag-aaral mula sa isang naaprubahang tagapagbigay ng insurance sa kalusugan sa Australia, maliban kung naaangkop ang isang [eksepsyon](#).